Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

rehiyon sa ilalim ng "Premium Project". Isa-isa niyang tinalakay ang nagiging kapakinabangan ng ating bayan. Ipinaalam din niyang magkakaroon ng pangangailangan sa pananalapi upang matustusan ang panukalang paglahok. Iminungkahi ni Punumbayan Gonzales na makabubuting pumunta si Gng. Gomez sa Tanggapang Panrehiyon upang linawing mabuti ang kinakailangang palaan at iba pang kaukulang pangangailangan.

Pinagtibay din ng kapulungan ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. LIX-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Dungao)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang PITONG LIBONG PISO (₱7,000.00) mula sa kabang bayan upang itustos sa "Terminal Leave" ni Gng. Librada Mariñas, dating Day Care Worker.

Ang palaan ay magmumula sa anumang aytem sa taunang palaan na maaaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 116 - '89
PROVINCIAL BOARD
Marso 1, 1989

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Ang panukalang paglalaan naman para sa pagbili ng gulong ng sasakyang Holden ng pamahalaan ay pansamantalang ipinagpaliban upang malaman ang kabuuang pangangailangang salapi.

May kinalaman naman sa pagpapagawa ng ilang proyekto sa mga paaralan ay pinagpasiyahan ang:

KAPASIYAHAN BLG. 47-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Dungao)

ANG KAPASIYAHAN na nagtitibay ng pagbibigay karapatan kay Punumbayan ROBERTO R. GONZALES na pumasok sa kasunduan sa sinumang kontratista upang maipatupad/maipagawa ang mga panukalang pagawain sa mga paaralan batay sa "public bidding" na isinagawa noong Ika-15 ng Hulyo, 1988.

APPROVED:
RESOLUTION No. 116 - '89
PROVINCIAL BOARD
Marso 1, 1989

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad